**Filipino (Tagalog) Mayo 2006**

# Tips:

.

### 4. *Ibinibilang ba sa report kard ang resulta?*

Hindi. Ang pagsusulit sa baitang 3 at 6 ay hindi ibinibilang sa marka ng mga estudyante at hindi nakaaapekto sa kanilang progreso o mga hinaharap na oportunidad sa paaralan. Subalit, kailangang ipasa ng mga estudyante ang iksamen sa Literasya o Kurso sa Literasya sa Baitang 6 upang makagradweyt na mayroong diploma o Ontario Secondary School Diploma.

### 5. *Kailangan bang kumuha ng iksamen ang mga estudyanteng nasa ESL?*

Oo, bagama't may iilang mga estudyanteng maaaring hindi na pakuhanin ng iksamen kung sila ay bagong dating lamang sa Canada. Ang iba ay binibigyan ng "akomodasyon o kaalwanan" gaya ng mas maraming oras para sa pagsulat ng iksamen, o tahimik na lugar, o pagkakaraoon ng taong magbabasa sa kanila ng instruksiyon at mga tanong. Kukunsultahin ng punong guro ang mga magulang tungkol sa pagbibigay ng akomodasyon o hindi pagpapakuha sa estudyante ng iksamen.

### 6. *Ang estudyante bang may pangangailangang espesyal ay kumukuha din ng iksamen?*

Lahat ng mga estudyante ay hinihikayat na sumulat ng iksamen ngunit ang ibang estudyante na may espesyal na pangangailangan ay maaring hindi na pakunin ng iksamen. Ang mga estudyanteng ito ay karaniwang may Plano para sa Indibidwal na Edukasyon (IEPs) na nagsasaad ng mga "akomodasyon" o mga "suporta" na tutulong sa kanila upang magtagumpay sa paaralan. Ang mga "akomodasyon" ay makatutulong sa mga estudyante na kumuha ng iksamen sa EQAO. Maaring kabilang dito ang pagkakaroon ng maraming oras para sa iksamen, mas tahimik na lugar, o pagkakaroon ng taong magbabasa sa kanila ng instruksiyon o mga tanong.

Kukunsultahin ng punong-guro ang mga magulang tungkol sa pagbibigay ng akomodasyon o hindi pagpapakuha sa estudyante ng iksamen.

### 7. *Paano ko matutulungan ang aking anak sa paghahanda ?*

Walang espesyal na preparasyon para sa mga iksamen. May mga ibang titser na nagbibigay ng halimbawang mga tanong para matulungan ang mga estudyante na maitindihan kung papaano ang mga iksamen. Ang pinakamagandang bagay para matulungan mo ang iyong anak ay siguruhin na siya ay nakapagpahinga at dumating sa paaralan ng nasa oras.

### 8. *Paano makakakuha ng ibang impormasyon?*

Tingnan ang websayt ng EQAO: www.eqao.com. Para sa impormasyon tungkol sa eksempsyon at akomodasyon, i-klick ang *Educator Resources* at piliin ang *Administration Guide*.

Ginawa ng **Ontario Parent Inclusion Project**. Mga kapareha: Mga kinatawan ng Keewatin- Patricia School Board; Maytree Foundation, PERCS- Waterloo Region ; People for Education; Settlement Workers in Schools. Ang mga kopya ay makukuha sa iba't ibang wika sa www.peopleforeducation.com.

© People for Education